

1 Maaari tayong magkaroon ng magandang relasyon sa Diyos.

Kaya ngayong itinuturing na tayong matuwid dahil sa pananampalataya natin sa ating Panginoong Jesu-Cristo, mayroon na tayong magandang relasyon sa Diyos.

MGA TAGA-ROMA 5:1

Sa orihinal na Griyego, ginamit sa talatang ito ang salitang *eirene* na tumutukoy sa pagkakaroon ng mabuting kalagayan na bunga ng kaligtasan na natatanggap natin mula kay Cristo. Dati, tayo ay mga kaaway ng Diyos, subalit ngayon na mayroon na tayong magandang relasyon sa Kanya, maaari na nating maranasan ang kasiyahan at paglago ng ating ugnayan sa Kanya. Mayroon tayong katiyakan na tayo ay pinangangalagaan ng Diyos. Paano naapektuhan ng pagkakaroon ng magandang relasyon sa Diyos ang iyong buhay?

2 Maaari tayong umasa sa Diyos.

Sa pamamagitan ni Jesus at dahil sa ating pananampalataya, tinatamasa natin ngayong ang biyaya ng Diyos at nagagalak tayo dahil sa ating pag-asa na makakabahagi tayo sa kadakilaan ng Diyos. **MGA TAGA-ROMA 5:2**

Dahil sa pagkakaroon natin ng magandang ugnayan sa Diyos, natatanggap natin ngayong ang Kanyang biyaya. Sa pamamagitan ni Jesus, maaari na tayong magalak sa ating pag-asa na makakabahagi tayo sa kadakilaan ng Diyos. Nangangahulugan ito na buo ang ating loob at inaasahan natin ang tagumpay na mayroon tayo dahil sa Kanya. Hindi lamang tayo ibinalik ni Jesus sa tamang ugnayan sa Diyos kundi ibinigay din Niya ang katiyakan na tayo ay maililigtas mula sa kaparusahan sa *pamamagitan ng buhay ni Niya* (Mga Taga-Roma 5:10). Tumutukoy ito sa kaligtasan natin sa hinaharap kung saan makakapiling natin ang Diyos nang walang hanggan, at pati na rin ang kaligtasan mula sa mga paghihirap na ating kinakaharap sa kasalukuyan. Paano nakikita ang pag-asang ito sa buhay mo?

3 Maaari tayong magalak sa kabila ng mga paghihirap.

At nagagalak din tayo kahit na dumaranas tayo ng mga paghihirap, dahil natututo tayong magtiis. **MGA TAGA-ROMA 5:3**

Ngayon na tayo ay nagkaroon ng magandang ugnayan sa Diyos, maaari tayong makaranas ng ganap na kasiyahan sa kabila ng ating paghihirap. Ito ay dahil sa alam natin na ang nararanasan natin sa mundo ay panandalian lamang at sa huli, tayo ay may katagumpayan sa Diyos. Ang ating kasiyahan ay naka-ayon sa katotohanan na sa *pamamagitan ng dugo ni Cristo, tiyak na maliligtas tayo sa parusa ng Diyos* (Mga Taga-Roma 5:9). Sa katunayan, ang mga pagsubok at paghihirap na nararanasan natin ay para sa pagpapatatag ng ating pag-uugali. Ano ang ipinapangako ng 1 Pedro 5:10 sa mga dumaranas ng mga paghihirap?

APPLICATION

- Anong bahagi ng buhay mo ang pinatatatag ng Diyos sa pamamagitan ng mga pagsubok na kinakaharap mo ngayon? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo bilang tugon sa mga ipinapakita sa iyo ng Diyos?
- Ngayong alam mong ipinapakita sa iyo ng Diyos ang Kanyang kabutihan, ano ang mga gagawin mo sa ibang pamamaraan habang kinakaharap mo ang mga pagsubok at paghihirap?
- Ibahagi sa isang kaibigan o kamag-anak ang ugnayan na mayroon ka sa Diyos. Hingin sa Kanya ang karunungan upang masabi mo ang mga tamang salita na makahihikayat sa kanya na alamin at sundin ang kalooban ng Diyos at maranasan din ang ganitong ugnayan.